SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 25, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 09 DEC 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 12/11/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 399-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2025 NG BARANGAY ALIPIT, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON WALONG DAAN TATLUMPU'T PITONG LIBO DALAWANG DAAN TATLUMPUNG PISO (P2,837,230.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 62-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 08-T2024.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 62-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 08-T2024 ng Sangguniang Barangay ng Alipit para sa Taunang Badyet taong 2025 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Alipit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2025 ng Barangay Alipit, bayang ito na nagkakahalaga ng P2,837,230.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 62-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 08-T2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 25, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

12-06-24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

12052404